PAPEL NG DAPAT MALAMAN

Kredito sa Buwis ng Maliit na Negosyo

COVERED CALIFORNIA

Ginagawa ng mga Kredito sa Buwis na Mas Abot-kaya ang Pagkakaloob ng Seguro ng Empleyado

Ang Patient Protection and Affordable Care Act ay kabilang ang isang kredito sa buwis sa pangangalagang pangkalusugan ng isang maliit na negosyo upang tulungang gawing mas abot-kaya ang segurong pangkalusugan ng empleyado. Ang mga pinagtatrabahuhan ay maaaring maging kuwalipikado para sa isang kredito sa buwis upang makatulong na mapagaan ang gastos sa pagpapatala ng kanilang mga empleyado sa segurong pangkalusugan.

Sa pamamagitan ng pagbili ng segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng Covered California™ Small Business Health Options Program (SHOP), ang mga pinagtatrabahuhan ay makakapili mula sa maraming planong pangkalusugan nang walang pabigat ng karagdagang tungkuling pampangasiwaan. Ang SHOP ng Covered California ay nag-aayos ng proseso ng pagpili ng mga planong pangkalusugan at nagpapatala ng mga empleyado upang ang mga may-ari ng negosyo ay makapokus sa kanilang mga negosyo.

Ang mga kredito sa buwis ay makukuha para sa taon ng buwis na 2013 at maging mas malaki simula sa 2014.

Pagiging Kuwalipikado para sa Kredito sa Buwis

Ang mga maliliit na negosyo ay karapat-dapat para sa isang kredito sa buwis sa pangangalagang pangkalusugan kung sila ay may mas kaunti kaysa 25 full-time-equivalent na mga empleyado para sa taon ng buwis, nagbabayad sa mga empleyado ng average na mas kaunti kaysa $50,000 bawat taon at nag-aambag ng hindi kukulangin sa 50 porsiyento sa presyo ng hulog ng mga empleyado. Ang iniaatas na ito sa kontribusyon ay angkop din sa dagdag na pagsakop ng seguro, tulad ng paningin, para sa ngipin at ibang pagsakop ng seguro na limitado ang saklaw.

Ang mga pinagtatrabahuhan na may 10 o mas kaunting full-time-equivalent na mga empleyado na may mga sahod na may average na $25,000 o mas mababa ay karapat-dapat para sa pinakamataas na halaga ng mga kredito sa buwis. Ang di-nagtutubo o libre-sa-buwis na mga pinagtatrabahuhan ay dapat makatugon sa katulad na mga pamantayan gaya ng ibang mga maliliit na negosyo, at ang kanilang mga kredito sa buwis ay magiging mas mababa.

Ang SHOP ng Covered California ay magpapahintulot sa mga pinagtatrabahuhan na paghimbingin ang maraming kuwalipikado, nakikipagkumpitensiyang plano sa segurong pangkalusugan mula sa mga pribadong kompanya ng seguro. Sa pamamagitan ng SHOP, ang mga maliliit na negosyo ay magkakaroon ng kakayahan na mag-alay ng magkakaibang mga plano sa kanilang mga empleyado, isang bagay na iilang maliliit na mga pinagtatrabahuhan ang madaling nakakagawa bago ang panahong ito.

Pagpapasiya ng Halaga at Tagal ng Kredito sa Buwis

Ang mga kredito sa buwis na natatanggap ng mga pinagtatrabahuhan ay magiging depende sa bilang mga isinasaalang-alang, kabilang ang bilang ng full-time-equivalent na mga empleyado at ang halagang iniaambag ng pinagtatrabahuhan sa mga hulog sa seguro. Ang mga kredito sa buwis ay makukuha para sa taon ng buwis na 2013 at maging mas malaki simula sa 2014. Ang mga kredito sa buwis ay makukuha para sa isang kabuuan na dalawang magkasunod na kredito.

Ang talahanayan sa ibaba ay naglalarawan ng dalawang yugto ng mga kredito sa buwis upang matulungan ang mga pinagtatrabahuhan (kabilang ang libre-sa-buwis na mga pinagtatrabahuhan) na may mas kaunti kaysa 25 full-time-equivalent na mga empleyado na masakop ang mga gastos sa hulog.

	(Mga) Taon ng Buwis	Pinakamataas na Kredito sa Buwis bilang isang Persentahe ng mga Gugulin sa Hulog	Pinakamataas na Kredito sa Buwis para sa Libre-sa-Buwis na mga Organisasyon bilang isang Persentahe ng mga Gugulin sa Hulog
Unang Yugto	2010–2013	35%	25%
Ikalawang Yugto	Simula sa 2014	50%	35%

Ang unang yugto ay sumasakop sa mga taon ng buwis na 2010-2013. Sa panahong iyon, ang isang dumadausdos na panukat na kredito sa buwis na hanggang 35 porsiyento ng karapat-dapat na mga gugulin sa hulog ng pinagtatrabahuhan ay makukuha. Para sa libre-sa-buwis na mga tagapag-empleyo, ang kaparehong mga iniaatas sa empleyado at sahod ay angkop, at ang pinakamataas na kredito sa buwis ay 25 porsiyento ng karapat-dapat na mga gugulin sa hulog.

Ang ikalawang yugto ay magsisimula sa taon ng buwis na 2014, kung kailan ang pinakamataas na kredito sa buwis ay tataas sa 50 porsiyento ng mga gugulin sa hulog, at ang pinakamataas na kredito para sa libre-sa-buwis na mga pinagtatrabahuhan ay tataas sa 35 porsiyento. Ang mga maliliit na negosyo ay dapat bumili ng segurong pangkalusugan sa pamamagitan ng SHOP ng Covered California upang maging karapat-dapat para sa mga kredito sa buwis na iaalay sa 2014.

Ang halaga ng kredito sa buwis ay hindi maaaring humigit sa kabuuang kita at buwis sa Medicare na iniaatas sa pinagtatrabahuhan na kunin mula sa mga tauhang sahod ng empleyado, at ang kabahagi ng pinagtatrabahuhan sa buwis sa Medicare.

Halimbawa ng Maliit na Negosyo na Tatanggap ng Kredito sa Buwis para sa Segurong Pangkalusugan: **Beauty Shop na may 10 Full-Time-Equivalent na mga Empleyado**	
Mga Empleyado	**10** full-time-equivalent na mga empleyado
Mga Sahod	**$250,000** na kabuuan, o average na **$25,000** bawat empleyado
Gastos sa Segurong Pangkalusugan ng Empleyado	**$70,000**
Kredito sa Buwis sa 2013	**$24,500** (35%)
Kredito sa Buwis sa 2014	**$35,000** (50%)

Sa dakong huli ng taong ito, magkakaroon ng mga tagatulong na makukuha mula sa Covered California upang tulungan ang mga pinagtatrabahuhan na maintindihan ang kanilang posibleng pagiging karapat-dapat para sa mga kredito sa buwis.

Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang www.CoveredCA.com o tumawag sa (877) 453-9198.

Bersiyon: Agosto 2013

COVERED CALIFORNIA™

CoveredCA.com

Ang Covered California ay ang bagong online na "pamilihan" na gagawing payak at abot-kaya ang pagbili ng mahusay na segurong pangkalusugan at pagkuha ng pinansiyal na tulong sa pagbabayad nito.